### Medikal na Baseline

Ang mga mamimili sa Medikal na Baseline ay sinisingil para sa paggamit ng likas na gas at kuryente sa pinakamababang rate na pang-residensyal ng kanilang kumpanya ng utilidad. Ang programang ito ay para sa mga mamimili na umaasa sa mga life-support na kagamitan, o sa mga may nakamamatay na sakit o nakakompromiso na immune system. Ang programa ay hindi nakabatay sa kita.

Ang programang Medikal na Baseline ay magagamit sa pamamagitan ng  Pacific Gas and Electric Company, Southern California Edison, San Diego Gas and Electric Company, at Southern California Gas Company. Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-enrol, kontakin ang iyong kumpanya ng utilidad.

## TUBIG

### Mga Programang Tubig

Ang CPUC ay nagreregula sa mga pribadong pag-aaring kumpanya ng tubig na maaaring magbigay ng mga partikular na programa ng tulong na natatangi sa teritoryo ng serbisyo ng bawat kumpanya at mayroong iba't ibang mga limitasyon ng kita. Tingnan sa iyong utilidad ng tubig upang malaman ang tungkol sa mga programa ng mga mamimili. Para sa impormasyon tungkol sa mga limitasyon sa pagiging karapat-dapat ng kita at para sa isang listahan ng mga kumpanya ng tubig na nag-aalok ng mga naturang programa, mangyaring bisitahin ang http://consumers.cpuc.ca.gov/Watercic.

## MGA TULONG PARA SA PAGBABAYAD NG IYONG MGA SINGILIN

Ang Pacific Gas and Electric Company, Southern California Edison, San Diego Gas and Electric Company, at Southern California Gas Company ay maaaring magkaroon ng mga programa na pantulong sa pagbabayad at mga plano sa pagbabayad na makakatulong sa iyo na pamahalaan ang iyong mga bayarin. Makipag-ugnayan nang direkta sa utilidad, gamit ang numero ng telepono ng serbisyo ng mamimili na naka-limbag sa unang pahina ng bayarin mo. Kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-ayos ng isang plano sa pagbabayad, kontakin ang opisina ng Consumer Affairs ng CPUC sa 1-800-649-7570. Ang mga mamimili ng mga utilidad ng tubig ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga plano sa pagbabayad kapag ang shut-off ng serbisyo ng tubig ay napipinto na. Bilang karagdagan, maraming malalaking kumpanya ng patubig ang nagbibigay ng mga plano sa pagbabayad para sa mga pamilya ng militar. Makipag-ugnayan sa iyong kumpanya ng tubig para sa karagdagang impormasyon.

## MGA PROGRAMANG PANGTULONG NA PANG-ESTADO AT PEDERAL

Nais ng California Public Utilities Commission (CPUC) na ipabatid sa iyo na maraming mga programa ng estado at pederal na idinisenyo upang tulungan kang pamahalaan ang iyong mga bayarin sa utilidad. Kabilang sa mga programang ito:

- California LifeLine
- Programa pang Teleomunikasyon para sa Bingi at may Kapansanan [Deaf and Disabled Telecommunications Program (DDTP)]
- Mga Alternatibong Rate ng Enerhiya para sa California [California Alternate Rates for Energy (CARE)]
- Programa para sa Tulong Magtipid ng Enerhiya [Energy Savings Assistance Program]
- Programa para sa Tulong sa Enerhiya para sa Sambahayang may Mababang Kita [Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)]
- Tulong para sa Rate ng Koryente sa Pamilya [Family Electric Rate Assistance (FERA)]
- Medikal na Baseline [Medical Baseline]
- Tulong ng Kumpanya ng Tubig

**ALAMIN PA ANG KARAGDAGAN SA LOOB**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang ito ng mamimili, mangyaring makipag-ugnayan sa Business at Community Outreach:

outreach@cpuc.ca.gov
**855-421-0400**

**KOMISYON PARA SA PAMPUBLIKONG UTILIDAD NG CALIFORNIA**
[CALIFORNIA PUBLIC UTILITIES COMMISSION]

# MGA PROGRAMA PARA SA MGA MAMIMILI

MGA PROGRAMA NG ESTADO AT PEDERAL NA DINISENYO UPANG MAKATULONG SA IYO NA MAPAMAHALAAN ANG IYONG MGA BAYARIN SA UTILIDAD.

# MGA TULONG SA KOMUNIKASYON

## California Lifeline

Ang Programang California LifeLine ay nagbibigay ng diskuwento sa serbisyo ng telepono sa bahay o “cell phone” para sa mga kwalipikadong sambahayan. Ang mga sambahayan ay maaaring maging kwalipikado sa dalawang paraan: (1) batay sa kabuuang kita, o (2) batay sa pagsali sa mga kwalipikadong program ng pambulikong tulong.

(1) Batay sa Kabuuang Kita. Ang mga sambahayan na may kabuuang kita na nasa o mas mababa sa mga sumusunod na limitasyon:

| | |
|---|---|
| 1-2 miyembro | $28,700 |
| 3 miyembro | $32,600 |
| 4 na miyembr | $39,700 |
| Bawat karagdagang miyembro | $7,100 |

*(ang mga limitasyon ng kita ay may bisa simula sa Hunyo 1, 2020 hanggang Mayo 31, 2021)*

(2) Batay sa Pagsali sa mga Kwalipikadong Programa ng Pambulikong Tulong. Ang mga sambahayan ay maaari ring maging kuwalipikado kung mayroong kahit isang miyembro ng inyong sambahayan ang kasali sa isang kwalipikidong programa ng pampublikong tulong. Para sa listahan ng mga programa, bisitahin ang www.cpuc.ca.gov/Lifeline.

Ang Enhanced Lifeline para sa mga Lupaing pangTribo ay nagbibigay ng karagdagang diskwento sa mga kwalipikadong sambahayan na naninirahan sa mga kinikilalang pangPederal na Lupaing pangTribo.

Upang mag-aplay, tawagan ang inyong kompanya ng telepono o kumuha ng karagdagang kaalaman sa pamamagitan ng pagtawag sa Call Center ng California LifeLine sa 1-866-272-0353.

## Programang Telekomunisasyon para sa mga Bingi at may Kapansanan [Deaf and Disabled Telecommunications Program (DDTP)]

Ang DDTP ay may dalawang bahagi na nagbibigay ng mga kagamitan at serbisyo sa telekomunikasyon para sa mga indibiduwal na pinatunayan na may kahirapan sa pandinig, paningin, pag-kilos, pagbibigay-kamalayan, at kahirapan sa pagsasalita:

**Programa sa Pag-access ng Telepono ng California [California Telephone Access Program (CTAP)]**
Nagpapamahagi ng mga kagamitan sa telekomunikasyon sa mga indibiduwal na sertipikado bilang nahihirapan sa paggamit ng telepono. Magagamit ang kagamitan nang walang bayad sa mga karapat-dapat na mga mamimili.

**Serbisyong Relay ng California [California Relay Service (CRS)]**
Nagbibigay ng mga espesyal na sinanay na mga operator upang maghatid ng pag-uusap ng telepono pabalik-balik sa pagitan ng mga taong bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita at ang mga nais nilang makipag-usap sa pamamagitan ng telepono.

Upang mag-aplay, makipag-ugnayan sa DDTP sa 800-806-1191 (boses), o 800-806-4474 (TTY), o 510-271-8324 (fax), o online sa www.ddtp.org.

# TULONG SA ENERHIYA

## Mga Alternatibong Rate para sa Enerhiya ng California [California Alternate Rates for Energy (CARE)]

Ang programang CARE ay nagbibigay ng mga diskuwento mula sa 20-35 porsyento sa mga singil sa kuryente at mga singilin para sa natural na gas para sa mga mamimili na may kabuuang kita ng sambahayan sa o mas mababa sa mga sumusunod na limitasyon:

| | |
|---|---|
| 1-2 miyembro | $34,480 |
| 3 miyembro | $43,440 |
| 4 na miyembro | $52,400 |
| 5 miyembro | $61,360 |
| 6 na miyembro | $70,320 |
| 7 miyembro | $79,280 |
| 8 miyembro | $88,240 |
| Bawat karagdaga | $8,960 |

*(ang mga limitasyon ng kita ay may bisa simula sa Hunyo 1, 2020 hanggang Mayo 31, 2021)*

Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-enrol, makipag-ugnayan sa iyong utilidad.

## Programa para sa Tulong Makapag-tipid ng Enerhiya [Energy Savings Assistance Program]

Ang Programa para sa Tulong Makapag-tipid ng Enerhiya ay nagbibigay ng walang bayad na serbisyo sa weatherization sa mga mababang kinikita na sambahayan na nakakatugon sa na mga alituntunin ng kita ng CARE. Ang ilan sa mga serbisyong ipinagkaloob ay kinabibilangan ng insulasyon ng attic, mga refrigerator na episyente sa kuryente, pugon na episyente sa kuryente, weatherstripping, caulking, mga low-flow showerhead, mga blanket na nagpapainit ng tubig, at mga sobre ng pagkumpuni ng pinto at gusali na nagbabawas ng infiltration ng hangin. Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-enrol, makipag-ugnayan sa iyong utilidad.

## Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)

Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo at Pag-unlad ng Komunidad ng California [California Department of Community Services and Development (CSD)] ga on sa mga mga ay nangangasiwa ng tulong sa enerhiya ng pederal para sa may mababang kita na tahanan, pamamagitan sa krisis ng enerhiya, at mga programa sa weatherization na kilala bilang LIHEAP. Ang mga programang ito ay pinondohan ng mga pederal na gawad upang magbigay ng mga serbisyong weatherization at cash upang matulungan ang mga kuwalipikadong mamimili upang magbayad ng kanilang mga singil sa enerhiya. Makipag-ugnayan sa CSD sa 866-675-6623 para sa karagdang impormasyon.

## Tulong para sa Rate ng Kuryente ng Pamilya [Family Electric Rate Assistance (FERA)]

Ang mga pamilya na ang kita ng sambahayan na bahagyang lumampas sa mga limitasyon ng programa ng CARE ay maaaring maging kwalipikado upang mag-enrol sa FERA, na sumisingil sa ilang paggamit ng kuryente sa mas mababang rate. Ang mga inaatas sa pagiging karapat-dapat sa kita ng sambahayan ay ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| 3 miyembro | $43,441 – $54,300 |
| 4 na miyembro | $52,401 – $65,500 |
| 5 miyembro | $61,361 – $76,700 |
| 6 na miyembro | $70,321 – $87,900 |
| 7 miyembro | $79,281 – $99,100 |
| 8 miyembro | $88,241 – $110,300 |
| Bawat karagdagan | $8,960 – $11,200 |

*(ang mga limitasyon ng kita ay may bisa simula sa Hunyo 1, 2020 hanggang Mayo 31, 2021)*

Ang programang FERA ay magagamit sa pamamagitan ng Pacific Gas and Electric Company, Southern California Edison, at San Diego Gas and Electric Company. Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-enrol, kontakin ang iyong kumpanya ng utilidad.